AWESOME GOD

# Ang Pagtubos ng Diyos

WEEK 4

## WARM-UP

- Nakatanggap ka na ba ng isang sorpresang padala o hindi inaasahang regalo? Kanino ito galing? Ano ang naramdaman mo?
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon na naranasan mo ang "trust fall," kung saan magpapatihulog ka dahil alam mong may sasalo sa 'yo kahit hindi mo sila nakikita. Paano mo ilalarawan ang karanasang ito? Gagawin mo ba ito ulit?
- Naranasan mo na bang makipag-trade o makipagpalitan ng mga bagay na hindi kinasasangkutan ng pera? Ano ang ipinagpalit mo? Sulit ba ito?

## WORD

*Tinawag ni Abraham ang lugar na iyon na "Naglalaan ang Panginoon." Ito ang pinagmulan ng kasabihang, "Sa bundok ng Panginoon may inilalaan siya."* **GENESIS 22:14**

(Basahin din ang **GENESIS 22:1–19.**)

Nang tawagin ni Abraham ang lugar na iyon bilang "Naglalaan ang Panginoon," hindi niya tinutukoy ang paglalaan na unang pumapasok sa ating isipan, gaya ng pagkain o pananamit. Sa kuwentong ito, si Abraham ay inutusan na ihandog ang kanyang kaisa-isang anak na si Isaac bilang isang sakripisyo, at ang Diyos ay nagbigay ng tupa na maaaring ialay sa halip na si Isaac. Ang Diyos ay nagbigay ng pangtubos kay Isaac. Sa katunayan, ang buong kuwentong ito ay isang pagpapahiwatig kung paano tutubusin ni Cristo ang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan. Ano ang matututunan natin sa kwentong ito?

## 1 Ipinakita ng Diyos ang pangangailangan sa pagtubos.

*Pagkatapos, sinabi niya, "Dalhin mo ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak na si Isaac, at pumunta kayo sa lupain ng Moria. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa iyo at ialay mo siya sa akin bilang handog na sinusunog."* **GENESIS 22:2**

Sinabihan ng Diyos si Abraham na ialay ang kanyang anak na si Isaac. Ipinakita nito ang pananampalataya ni Abraham at ang pangangailangan ng tao na matubos. Noong mga panahong iyon, ang sakripisyo ng panganay na anak ay kadalasang ginagawa sa iba't ibang diyos-diyosan. Subalit nanampalataya si Abraham na hindi ganoon ang kanyang Diyos. Sinabihan niya ang mga kalalakihang kasama nila na sila ay magbabalik, at sinabi niya kay Isaac na "ang Diyos mismo ang magbibigay sa atin ng tupang ihahandog." Ipinakita rin ng pagsubok na ito na kailangan ng tao na matubos. Kung sa ating mga sarili lamang, hindi natin magagapi ang kasalanan o kamatayan. Kailangan natin ng tutubos sa atin at aako ng kaparusahan na para dapat sa atin. Ang kasalanan natin ay lubhang malaki na hindi natin mapapalaya ang ating mga sarili. May ipinagawa na ba sa iyo ang Diyos na hindi mo naunawaan? Kailan mo nakita ang pangangailangan mo sa Tagapagtubos?

## 2 Nagkaloob ang Diyos upang matubos tayo.

*[8]Sumagot si Abraham, "Anak, ang Diyos mismo ang magbibigay sa atin ng tupang ihahandog." At nagpatuloy sila sa paglalakad. . . . [13]Paglingon ni Abraham, may nakita siyang isang lalaking tupa na ang sungay ay nasabit sa mga sanga ng kahoy, at hindi na ito makaalis. Kaya kinuha ito ni Abraham at inihandog bilang handog na sinusunog kapalit ng kanyang anak. [14]Tinawag ni Abraham ang lugar na iyon na "Naglalaan ang Panginoon." Ito ang pinagmulan ng kasabihang, "Sa bundok ng Panginoon may inilalaan siya."* **GENESIS 22:8,13,14**

Ang Diyos sa Kanyang kapangyarihan at pagmamahal ay nagbigay ng tupa na maisasakripisyo. Pinarangalan Niya ang pananampalataya at pagsunod ni Abraham at pinigilan siyang ialay ang kanyang anak. Nagpadala din ang Diyos ng tupa na maisasakripisyo bilang kapalit at pantubos kay Isaac. Hindi nagtagal, ipinadala ng Diyos ang Kanyang kaisa-isang Anak na si Jesus, upang tubusin tayo at akuin ang ating kasalanan at kamatayan. Ano ang sinasabi sa Juan 1:29 at Pahayag 5:9 tungkol kay Jesus bilang ang Tupa ng Diyos? Paano nagbago ang buhay mo simula nang maunawaan mo ang dakilang palitang ito?

## APPLICATION

- Ang bawat tao ay makasalanan at nangangailangan ng Tagapagtubos. Nanampalataya ka na ba kay Jesus bilang iyong Manunubos at Tagapagligtas? Nais mo ba itong gawin ngayon?
- Ano ang maaari mong gawin sa ibang pamamaraan bilang tugon sa natutunan mo ngayon? Paano mo magagawang manampalataya kapag sinasabihan ka ng Diyos na gawin ang isang bagay na tila hindi makatuwiran?
- Hingin sa Diyos na ipaalala sa iyo ang dalawang tao na maaari mong ipanalangin upang maunawaan nila ang pangangailangan ng tao sa isang Manunubos at upang manampalataya sila sa Diyos.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang probisyon upang tubusin tayo. Ipanalangin na araw-araw mong maaalala ang dakilang palitan na naganap sa krus.
- Hingin sa Diyos ang Kanyang kalakasan upang sundin Siya araw-araw. Manalangin para sa mas malakas na pananampalataya sa Kanyang pagmamahal at probisyon, at sa pagkakaloob Niya ng anumang kinakailangan upang magawa mong sumunod sa Kanya,
- Ipanalangin ang iyong mga kaibigan, kapamilya, at komunidad na kailangang makarinig sa probisyon ng Diyos—ang Kanyang dakilang Tupa. Ipanalangin na maranasan din nila ang Kanyang dakilang pagmamahal at probisyon para tubusin tayo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph